Ateneo de Manila University
Archīum Ateneo

English Faculty Publications | English Department

2020

# Teleserye at Kontemporanidad

Louie Jon A. Sánchez

Follow this and additional works at: https://archium.ateneo.edu/english-faculty-pubs

Part of the Film and Media Studies Commons, and the Television Commons

# Teleserye at Kontemporanidad

Louie Jon A. Sanchez, PhD


## Abstrak

Sa sanaysay na ito, tinutuklas ang isa kong hakà hinggil sa kalikasan ng mga teleserye o telebiswal na soap opera sa Pilipinas. Tinatawag kong “kontemporanidad,” tumutukoy ito sa katangiang mapagtukoy ng mga serye sa kontemporanyong búhay o pangyayaring panlipunan. Gámit pa rin ang pananaw na panitikan nga ang teleserye, at dahil nga rito ay nagsusulong ng tinatawag na “simbolikong aksiyon,” ipinagpapalagay na mabisang kasangkapan ang teleserye sa pagpapamalay hinggil sa lagay-panlipunan. Itatanghal ko ang ganitong mga pagpapalagay sa tinaguriang “pagbásang paloob” sa isang tampok na teleserye, ang *Wildflower*. Itinuturing ang pamamaraang ito ng may-akda na lalong politisasyon ng pagbása sa teleserye, na masusing pinagtatalab ang anyo at ang kontekstong inuusbungan nito.



## Mga Panandang Salita

teleserye, kontemporanidad, telebisyon, Wildflower, Rodrigo Duterte

Hindi na bago sa ating kultura ang gamítin ang panitikan bílang talinghaga ng pang-araw-araw na búhay. Halimbawa, noong araw, at palagay ko, kahit magpahanggang ngayon, gamitín ang salitâng “moro-moro” upang ilarawan ang isang mapagkunwang kalakaran kung saan planado at plantsado na, kung baga, ang mga bagay, lalo sa mga bulwagang politikal.

Ganitong penomeno rin ang nakikita ko sa teleserye. Matagal na itong lumagpas sa takdang pakahulugan bílang soap operang telebiswal na pinahinog ng panahon at pagkakataon. Madali itong ilapat na pang-uri na tumutukoy sa madramang personal na búhay, halimbawa na’y “parang teleserye naman ang búhay ko/mo.” Ibig sabihin, punô ng sapalaran, at maaari, dusa’t pighati na makapagpapabaha ng luha at sakdal makabagbag-damdamin.

At dahil madali ang ganitong paglalapat, nagagamit din ito bílang balangkas sa pag-unawa ng mga kalakarang panlipunan at pampolitika. Sa teleserye, nakatatagpo natin, hindi lámang ang malalabis na uri ng tauhang mabubuti’t masamâ, pati na rin ang atikabo ng kanilang sari-sarili’t nagkukukrus na mga landas. Animo’y talagang napakaliit ng mundo. Nananabik táyong manood sa kanilang nabubuong banghay, napipilitang sumubaybay sa mga bítin at udyok ng lalong pinahihiwagang salaysay.

Sa politika pa rinkung saan laging maatikabo ang bangayan ng mga nása poder, nagagamit itong paglalarawan ng sa ngayo’y arawan at palagiang TV coverage ng mga hearing sa mga kapulungan ng kongreso.May seryalidad o pagkasunuran ang eksposisyon ng mga ito, pagpapataas ng aksiyon, pagpapasabog ng ibinubunyag na hindi lámang sapat ikagulat ng lahat sa oras ng pag-eeyre bagkus hinahayin pang pangunahing balita sa mga dulang upang ulamin kinagabihan. At, wari ba, laging walang kakalasan sapagkat napapalitan lámang ng panibagong kontrobersiya kalaunan, na magpapatakam naman sa ating pagmimiron.

Sa balita, palaging ikinakabit ang salitâng “teleserye,” kundi sa pangalan ng mga kontrobersiyal [i.e. “Binay teleserye” noong 2015-2016, na nagsangkot kay dáting Vice President Jejomar Binay at kaniyang pamilya sa bilyong pisong korupsiyon sa Makati City Hall[1]] ay sa mga kontrobersiya o imbestigasyon na mismo, mga sityo ng kapanyarihan at ugnayang-pampoder. Sa pamamagitan nito, naituturing ang imbestigasyon hindi na lámang bílang ispektakulo, kundi kuwentong dapat subaybayan kung ikaw talaga’y maypakialam. Isa ngang teleserye!

1 Basahin, halimbawa ang ulat na “VP Camp hits resumption of ‘Binay Teleserye,’ ABS-CBNNews.com, Pebrero 18, 2015, https://news.abs-cbn.com/nation/02/18/15/vp-camp-hits-resumption-binay-teleserye-senate.

Noong 2016, tandaang ginamit din ang praseng "#duterteserye" upang panabikin ang marami sa pagpapasya ng naging Pangulong Rodrigo Duterte kung tatakbo ba talaga sa eleksiyon.[2]

Ang prase'y naging paglalagom ng sa tingin ko'y pagpapalitaw sa kay Duterte bílang isang kandidatong hindi naman talaga ibig humawak ng kapangyarihan—siyang lalong dapat ihalal sa lohika ng nasabi kong politika. Masugid na sinusuyo ang pangulo ng kaniyang partido hanggang sa nagpasya na nga siyang tumakbo, at nangako pa ng matapang na pagbabago. Mula simula hanggang sa pagpapatúloy ng teleseryeng Duterte, wari'y talagang napaibig ang bansa sa kamay-na-bakal, kahit kung tutuusin, isa lámang naman siyang pangulo ng minoridad, sa bílang na halos 16 milyong boto.[3]

Nabanggit at naipaliwanag nang ginagamit na nga ang dalumat ng teleserye bílang talinghaga, o sa isa pang paraan ng pagsasabi, balangkas ng pagtanaw sa búhay, sa búhay o kasaysayang Filipino. Sa kaniyang paggamit, halimbawa, sa diwa ng teleserye sa diskursong politikal, partikular na sa impeachment trial ni Supreme Court Chief Justice Renato Corona, iginiit pa ni Rolando Tolentino (2016) na pinatutunayan nito ang pagiging "mediatized" ng politika (138-139), na lalong nagtataboy sa mamamayan sa mga prosesong pampolitika, sa halip na panatilihin silang nagmamatyag at nakikialam. Iniluluklok lámang naman kasi silang mga manonood at wala nang iba.

Ibig ko pang titigan ang teleserye sa pagkakataong ito, hindi na lámang bílang konseptong madaling nagagamit sa mga paliwanagan o palahambingang naisalaysay na natin sa itaas. Paksa pa rin ang tagisan ng kapangyarihan sa politika at lipunan, ibig kong ituon naman ang pansin sa anyo, sa kasalukuyang mga pag-aanyo ng teleserye mismo, na sa ganang akin ay talagang distilasyon ng nasabing tagisan. Ang dalumat na ginagamit-gamit na talinghaga, kung baga, ay kalingkingan lámang ng isang kalawakang humihinging tunghan. May higit pang matututophinggil sa klimang pampolitika, ideolohiya, at kahit sa tagisan ng mga uri na madalas pinupuna, kung iuugat naman ang pagbása sa teleserye *mismo*.

2 Hinggil dito, interesanteng basahin ang timeline na nilikha ng Sunstar.com.ph sa Veraflor, Nheru, "INTERACTIVE TIMELINE: The #Duterteserye," Sunstar.com.ph, Hunyo 24, 2016, https://www.sunstar.com.ph/article/45305. Ang nilikhang timeline ay nilahukan ng sunurang ulat hinggil sa mga importanteng petsa at pangyayari bago tuluyang nagpasyang tumakbo si Pang. Duterte.

3 Ayon ito sa mga pagsusuri, tulad ng kay Senador Ralph Recto noong matamos ang halalang 2016. Basahin ang Lagsa, Bobby, "Minority president expected after elections–Recto," Rappler.com, Abril 17, 2016, https://www.rappler.com/nation/politics/elections/2016/129766-minority-president-expected-elections-recto.

Kayâ ang aking hakà sa pagkakataong ito, magtanghal ng isang pagbásang *paloob* imbes na pagbásang *palabas*. Ang pagbásang palabas ay iyong nakamihasnan nating pagbala-balangkas lámang sa kalakarang politikal bílang teleserye, higit na paghahambingsa pagitan ng dramang telebiswal at ng dramang panlipunan. Isang halimbawa ng pagbásang palabas ang tinupad ni Tolentino na ating sinipi.

Ang pagbásang paloob ay pagpasok mismo sa loob ng tekstong teleserye, na sa simula'y mistulang tinititigan lámang ito sa paraang pormalistiko/New Critical, sinusuri ang mga elementoatkabuuang lawas nito. Ngunit humihigit pa ito sa pormalismo/New Criticismsapagkat nakaangkla sa paniniwalang hindi lámang ito repleksiyon, kundi lalo't higit, repraksiyon dinng kalakaran sa labas nito, sa mga kasalukuyang kalakarang panlipunan at politikal. Itinuturing dito, kung gayon, ang teleserye bílang lente ng pagsipat at paglilinaw hinggil sa kasalukuyang lagay ng bayan. Panitikan itong tumatanaw sa daigdig at nagpapatanaw din sa daigdig kung saan ito umiiral.

Gagamitin kong paksa ang isang tampok na teleserye kamakailan, na sa muling pagsipat, katatagpuang nagpapalinaw kahit papaano hinggil sa ating kasalukuyang panahon. Ang pagbása'y magkakaroon ng dalawang saray. Ang una'y matalik na sisipat sa palabas bílang produkto at sa iba't ibang aspekto ng anyo nito. Dito magaganap ang masusing pagsusuri sa teleserye bílang repleksiyon ng lipunansa pangmalawakan. Sa punto ng tagpuan ng tekstong teleserye at ng kontemporaneong kasaysayan,ipipihit ko ang pagbása patungo sa pagsusuri sa teleserye bílang repraksiyon ng kalakarang-bayan. Magiging isa itong saray ng pagbása nabinabalingan, sa pang-espesipikong tanaw, ang tatlong nakikita kong mga paglilinaw o pagpapaliwanag ng serye hinggil sa lipunang sinasalamin nito.Ipinagpapaunang arbitraryo ang pagpili sa tatlong paglilinaw sapagkat kailangang maging mapili sa malawak na inihahayin ng teksto. Makikita ring bagaman nakatanim ang mga piniling paglilinaw o pagpapaliwanag sa loob ng ating paksang teleserye, nagsasangkot ang mga ito sa iba pang teksto sa labas nito. Tinutukoy ang ugnayan ng mga itoupang higit na mapagitaw at masipat ang paglilinaw o pagpapaliwanag.

Sa ganitong paraan, binabása ang teleserye bílang literatura, bílang isang anyong mapagpakahulugan, gámit ang magkatuwang na moda ng pagsasalaysay at pagtatanghal. Binabása rin ito sa maaaring pagsusulong ng tinatawag ni Kenneth Burke (1941) na "simbolokong aksiyon," isang mabisang kasangkapan tungo sa pagmamatyag, at kung saka-sakali, pagtindig at pagkilos para aksiyunan at baguhin ang lagay-panlipunan.Balangkas itong tumutulong sa akin sa pagturing sa teleserye bílang sabay na repleksiyon at repraksiyon ng kalakarang pampolitika.

Balangkas din itong tinatalikdanang malaong pagkakahon sa telebisyon mismo bílang mapangmangmang na aparato.

Sa higit na kritikal na telebiswalidad, maituturing ang palabas hindi na lámang bílang salamin ng búhay [sa paraang iginigiit, halimbawa ni Soledad Reyes (1982), na ang nobela ay salamin ng búhay] na pinanonood-nood, kundi, humigit pa rito, kagamitan ng paglilinaw at maaari pa, pagpapawasto sa mga napagtapunan ng pokus. Paglilinaw, pagpapawasto sa manonood na inaasahang may ahensiya at may gagawin matapos mapaliwanagan.

Kung mamarapating manghiram pa rin kay Burke (1941), isang "equipment for living" (293-304) ang teleserye na maaaring gamítin ng madla tungo sa ikamumulat, at maaari'y ikaliligtas, lalo sa panahon ng malawakang walang-pagkakapantay-pantay at orkestradong paniniil mula sa estado. Ngunit, siyempre, madaling paratangang mapagmalabis ang hakàng iyan. Sa kabila nito, hindi naman ito talagang imposibleng mangyari, lalo't kung higit na magiging radikal at mapanghamon ang mga produksiyon sa pagpapalabas at talagang duduruin ang mga aparato ng kaapihan.

Magiging paraan ko rin ang pagbásang ito sa pagtatanghal sa isang katangian ng teleserye na noon ko pa binabanggit-banggit at pinahahalagahan—ang **kontemporanidad** o ang pagiging likás nitong ngangayunin. Susog ko ito sa minsang inilarawan ni Robert Allen (1985) na kalikasan ng soap opera sa kasaysayan—ang pagiging kontemporaneo lalo sa pagtatagpuan (137-138). Sinesegundahan naman ito ni James Wittebols (2004), na nagpanukalang may "real-time orientation" ang mga soap opera at sumasalamin sa "everyday world in which events flow as seamlessly as possible…[reflecting] the larger culture's calendar…[and providing] a parallel to the viewer's own world" (3).

Umiiral ang gayong katangian ng pagiging ngangayunin sapagkat sa mismong teleserye, sa balangkas at banghay nito, sa tagpuan at tauhan, sa tunggalian at kakalasan, matatagpuan ang isang mahalagang kayarian na nagdudulot dito ng matalik na ugnay sa tao, sa manonood na pinatutunghan, ang **singkronisidad**, na may kaparang katuturansapagkakagamit dito ni Carl Gustav Jung (1989) bílang "meaningful coincidence or equivalence," lalo pa ng mga bagay-bagay na walang kaugnayan o "have no causal relationship to one another" (400). Higit pa itong magiging litaw, itong singkronisidad, kung pananaligan ang pagtuturing sa maraming mga kulturang biswal tulad ng teleserye, bílang, wika nga ni Fredric Jameson, representasyon ng "deepest and most fundamental hopes and fantasies of the collectivity, to which they can therefore, no matter in how distorted a fashion, be found to have given a voice" (Szeman at Kaposy 2011, 69).

Sa ganang akin, layon ng teleserye bílang soap opera ang magkaroon ng pagyakap sa daigdig ng tao, sa manonood, hindi lámang upang makapagtanim ng mithiing ekonomiko [eg. makombinse ang tao na bumili ng mga produktong advertiser ng palabas], kundi mahiyakat din ang nanonood na patuloy na sundan ang palabas, ang una't hulíng layon ng brodkasting, suma total. Mga gawaing pangnegosyo, kung tutuusin ngunit kapwa komplikado't magkaugnay na mga proseso. Kapwa nagagawa ang mga mithiing ito sa pamamagitan ng paglalapit sa realidad ng tunay na búhay at ng búhay sa teleserye. May pagkakataong maláy itong nagagawa ng produksiyon, at mayroon ding pagkakataong hindi maláy na natutupad, depende na rin sa laro ng mga lumilikha o direksiyon ng palabas batay sa resepsiyon. Kayâ sa totoo lámang, may pagkapasumala (random) ang pagtatapat-tapat ng realidad o paglitaw ng mga tatawagin kong **melodramatikong palahambingan** sa aking pagsusuri.

Kayâ sakto talaga sa diskusyon ang sinkronisidad. Sa pamamagitan ng pagbásang paloob, nagkakaroon ng pagtutugma-tugma ang pagkakataon ng teleserye at tunay na búhay, nalilikhaan nating mga manonood ng makabuluhang mga koneksiyon ang mga bagay-bagay. At ito'y para hindi na lámang ituring ang teleserye na aliwan o pampalipas oras, kundi isang makahulugang praktika, isang praktika ng pagpapakahulugan at paglikha ng kahulugan na naglalaman ng mga nasabing lunggati o pantasya, lalo sa para sa kagalingang-panlipunan sa kasalukuyang panahon.Naitatanghal din nito ang isa pang kayarian,ang pagiging pamanahong teksto ng teleserye.Dito,higit na nagkakabisa ang teleserye kapag sinusuri bílang kapanabay ng panahon, habang tumatakbo pa ang panahono malapít pa ang pagsusuri sa panahon.

Problema rin kasi sa atin, kulang ang ating pagsipat sa araw-araw, sa kultura ng araw-araw, kayâ't ang mga kultura ng araw-araw [o gabi-gabi] tulad teleserye ay madaling ipagkibit-balikat o daan-daanan lámang, na parang nakababagot na mga channel sa pagsusurf natin gámit ang remote control. Dahil nga araw-araw at halos walang kawawaan, hindi na nakikita ang mga palabas at pahiwatig ng mga ito. Kung higit lámang sanang maititindig ang araw-araw sa orisonte ng ating mga pagsusuri, bakâ magkaroon táyo ng higit na mga pagkamálay hinggil sa araw-araw na búhay, lalo na sa ating mga politikal at panlipunang kalakaran *ngayon*.

Isa pa, ang tinupad nating papaloob na pagbása'y isang pagpapabagal sa sagitsit ng araw-araw, sa sagitsit ng telebiswal na danas at pagpapalabas, sa sagitsit ng kontemporaneong panahon na ang totoo'y napakadali talagang lumipas at mabaon sa límot—o sa suson-susong artsibo ng internet kung saan nakalutang ang rehistro ng marami pang nagtatagisang audiobiswal na salaysay.

At sa pagpapabagal, sa pagtutok sa repleksiyon at repraksiyon ng palabas, naitatanghal ang mga pagkakatugma-tugma ng kuwento ng teleserye at ng kuwento, ng drama ng ating búhay. Tumataya ako sa ganitong pananaw sa pananalig na posible ang higit na matalino at maláy na panonood, ang matatawag na kritikal na telebiswalidad.

## Pagbásang Paloob sa palabas na *Wildflower*




**Pig. 1** Isang title card ng Wildflower sa temang battleroyale, tanghal ang cast ng palabas mula sa kaliwa: Vin Abrenica (Jepoy), Christian Vasquez (Dante), Sunshine Cruz (Camia), Joseph Marco (Diego), Maja Salvador (Lily Cruz/Ivy Aguas), Tirso Cruz III (Julio), Aiko Melendez (Emilia), at Roxanne Barcelo (Natalie). *Larawan mula sa GoodNewsPilipinas.com.*

Simulan natin ang pagsusuri sa pagtupad sa unang saray ng pagbásang paloob. Sikát at pinag-usapang teleserye kamakailan ang *Wildflower* ng ABS-CBN [likha nina Willy Laconsay at Carmela Abaygar; isinulat nina Carmela Abaygar, Genesis Rodriguez, Jose Ruel Garcia, Bridgette Ann Rebuca, Raymund Barcelon, Jones Castro, Thea Magbanua, Edeline Romero, Carol Navarro, Melchor Escarcha, at Arlene Tamayo; sa direksiyon nina Onat Diaz, Raymund Ocampo, Cathy Camarillo, Digo Ricio, Jerome Pobocan, at Roderick Lindayag].(Pig. 1). Umeyre ito ng 5 nh., at tumakbo mulang 2017 hanggang 2018.

Sa totoo lámang, understatement ang ilarawang "sikát" at "pinag-usapan" ito, sapagkat talagang penomenal bílang teleserye. Bukod sa naging paksa ng mga *meme* sa social media, na sukatán na rin ngayon ng kapangyarihan at talab ng telebiswal na iterasyon, ulit-ulit ding iniulat ng network nito ang pagtabo sa ratings. Sa halos kalagitnaan ng pagsikat nito noong 2017, pumalo ang ratings ng *Wildflower* sa pinakamataas na 35.2% ("'Wildflower' breaks own ratings record

yet again"). Sa pagtatapos, pumalo ito sa 7.5% laban sa kalabang gameshow sa parehong oras na may 6.2% (Anarcon).

Maituturing itong "revenge drama," sa balangkas ng politikal, suspense-thriller, at feministang genre, dahil sa mga pangunahing tema, at sa mga tampok na engkuwentro, sampalan, at sagutang madaling makapagpagunita, una, sa trademark camp ng mga sikát na Americanong serye noong dekada 80, at ikalawa, sa sikát pa rin ngayong mga *makjang* na serye mulang South Korea, na nagtatampok sa mga nakaeeskandalong kuwento ng pangagaliwa at paminsan-minsan, sampalan sa kusina na biglaang nasasahugan ng kimchi.

Sa *Wildflower,* tampok ang dalagang si Lily Cruz (Maja Salvador), na may trahikong nakaraan sapagkat pumanaw ang ama at nabaliw ang ina, dulot ng kalupitan ng oligarkong Pamilya Ardiente. Sa isang panayam sa magasing *Mega* noong 2017, inilarawan ni Salvador ang kaniyang karakter, batay sa kaniyang pagkakaunawa at pagkakaganap, bílang "punông-punô ng pain, gutóm sa pagmamahal ng pamilya—at hindi lang sa isang lalaki." Dagdag pa niya, "Mas more on dun sa gusto niya makuha ang hustisya for her family." Dagdag pa ni Salvador: "Sobrang gustong-gusto ko yung character ko na talagang binuo ko siya na kahit gaano kasakit, never ninyo (siya) mapapatumba" (De Cartagena 135).

Tagpuan sa kuwento ang probinsiyang ang ngalan din ay Ardiente, tanda ng kapangyarihan ng pamilyang nakapagtindig na rito ng pangmatagalang dinastiya, sa pamumuno ng patriyarkong si Governor Julio Ardiente (Tirso Cruz III) at ng nag-iisang anak niyang si Emilia (Aiko Melendez), ang alkalde ng kapitolyong Poblacion Ardiente. Nása probinsiya ang Ardiente, mabundok at rural, at natitindigan ng di iilang windmill, sapagkat kinunan sa Tanay, Rizal.

Sa mas malakihang pagsipat, malinaw na repleksiyon ng Filipinas ang probinsiyang Ardiente, kung saan pinaiinog ang daigdig gámit ang "guns, goons, and gold" ng naghaharing dinastiya. Nagiging mapanuring mikrokosmo ang pagpapatutok sa manonood sa naging búhay at sapalaran ni Lily Cruz, na ang hindi alam ng mga Ardiente, nakaligtas pala sa lahat ng kalupitan ng pamilya Ardiente.

Sa simula kasi, tinangka ng asawa ni Emilia na si Raul (Wendell Ramos) na gahasain ang ina ni Lily na si Camia (Sunshine Cruz). Kinasuhan ng ama ni Lily na si Dante (Christian Vazquez) ang lalaki, at hindi ito nagustuhan ni Emilia, dahil ikapapahiya ng kanilang angkan. Biglaang namatay sa di maipaliwanag na dahilan si Dante, at sa pagpapatúloy ng kuwento, nagtagumpay ang panggagahasa

kay Camia. Nasaksihan itong lahat ni Lily, na makatatakas mula sa pagbaboy at pagwasak sa kaniyang pamilya.

Aampunin si Lily ng isang mayamang babae, si Prianka (Priscilla Mereilles), na ipamamana sa kaniya ang lahat ng yaman at tutulungan siyang kamtin ang hustisya kalaunan. Kabilin-bilinan nito sa kaniya, "Hustisya, hindi paghihiganti." Magiging birtud niya ito sa paglalakbay. Magbabalik siya sa Ardiente isang araw taglay ang bagong ngalan—Ivy Aguas, animo'y paggigiit sa floral motif ng bulaklak na nakalalason na madaling umusbong saanman mapadpad.

Bílang si Ivy, lalansihin niya ang mga Ardiente upang tupdin ang orkestradong pakana ng paghihiganti. Mababatobalani naman sa kaniya ang mga Ardiente dahil mayaman at makatutulong sa kanilang politikal na makinarya. Mahahanap ni Ivy di maglalaon ang inang nasiraan ng bait na malaon palâng ikinubli ni Raul sa isang liblib na pook sa sukal. Makahahanap din siya ng pag-ibig kay Diego (Joseph Marco), ang rebeldeng anak nina Emilia at Raul na may puso para sa mahihirap. Ngunit bago nito, aakitin at babaliwin muna niya ang isa pang anak ng mag-asawa, ang ambisyosong si Arnaldo (RK Bagatsing).

Para sa isang sosyo-politikal na klimakung saan naghahari ang iilan at, wika nga ng isang ulat ng *Rappler.com* matapos ng 2019 halalang midterm, 163 pamilya ang nahalal sa iba't ibang pambansa at lokal na posisyon at sabay-sabay na nanungkulan o nagkamit ng panibagong mandato (Bueza at Castro), wari'y isang muling paalaala ang *Wildflower* sa kalabisan at karahasan ng ganitong uri ng politika. Sa kasawiampalad, wari'y nalunod [o nilunod?] lámang ang manonood sa banghay at ispektakulo ng palabas, bagaman kapansin-pansin namang may ilang pamilya ring nabuwag ang dinastiya.

Maaaring basahin ang karakter ni Lily Cruz/Ivy Aguas bílang kinatawan ng mga sinupil. Nakaugat siya sa isang personal na vendetta na may kakayahang tapatan din ang "guns, goons, and gold" ng pamilya Ardiente, ngunit dahil sa kaniyang pakikihamok sa mga pinatatahimik sa bayan, at sa kaniyang ugnayang romantiko kay Diego, mistulang napamulaklak ang kaniyang mithiin at higit na nagkaroon ng dimensiyong panlipunan at politikal. Naging kaisa siya ng mga tulad niyang nasasalaylayan.

Tinapatan ni Lily Cruz/Ivy Aguas ang pagkatuso ng mag-amang Julio at Emilia. Makailang ulit siyang nakipaglaro ng psywar sa gobernador at sinikap mapalapit sa pamilya nito, sa paniwalang dapat na magkaroon ng kalapitan sa mga kaaway. Ginamit niya ang lahat ng koneksiyon, pati na ang sa mga halang ang bituka, matiyak lámang ang tagumpay. Inakit niya ang mag-ama sa pamamagitan ng yamang kailangan ng patriyarko para manatili sa poder. At gaya ng nabanggit,

binaliw din ni Lily Cruz/Ivy Aguas ang apo ng matanda na si Arnaldo. Wari'y anay siyang nginatngat ang kalooban ng sambahayan, matalinong pinaiikot sa kaniyang palad ang nasabing kalalakihan.

Kontrapunto sa lahat si Emilia, na madalas makasagutan, makabanggaan ng bida. Matalas ang kutob ng anak ng gobernador na hindi mapagtitiwalaan ang babaeng bigla na lámang sumulpot sa Ardiente at nag-aabot ng kamay ng pakikipagkaibigan. Ginawang lahat ni Emilia upang mapanatiling matatag ang muog ng kaniyang pamilyang unti-unting bumabagsak sa kamay ni Lily Cruz/ Ivy Aguas. Nakipagtapatan siya rito sa pisikal na pakikipagtagisan, sa batuhan ng salita, maging sa pagdadala sa sarili at pagtatanghal ng eksaheradong haute couture fashion. Mistulang sinasabing hayaang lamunin ng kalabisan ang sarili nito, at iyon na nga ang nangyari sa palabas—isang arawang Fashion Week, kuntodo sa spotlight at fireworks, o magazine fashion spread ng kababaihang nagtatagisan na laging may bahid ng eskandalosong camp, at sa isa pang pagtingin, malabis at imeldific.

Siyempre, ang hulíng babaeng nakatindig sa kuwento ay si Lily Cruz/ Ivy Aguas. Matagumpay niyang natupad ang mga mithi, na isinagisag ng isang makapangyarihang eksena sa simula, ng lihim niyang pagmaso at pagdurog niya sa busto ni Julio na nakaluklok sa plaza, na nang matuklasan ng lahat kinabukasan ay talagang ikinagimbal ng pamilya.

Babala ito sa pamilyang kapit-tuko sa kapangyarihan, lalo pa't itong si Lily Cruz/Ivy Aguas ay handa nang maningil. Nagbago ang karakter ng bida habang tumatakbo ang kuwento, lumagpas sa personal at pampamilyang agenda ang paniningil. Nagkamalay siya na hindi lámang siya ang daigdig, at naging kasangga ang taumbayan sa sama-samang pagtugis sa mga Ardiente na pinayaman lámang ang mga sarili habang nasa poder.

Ang totoo, medyo tahimik ang *Wildflower* sa espesepisidad ng paniningil, bagaman namumuhunan ito sa madalas na kaalaman hinggil sa kalabisan ng politikal na dinastiya. Wari'y ipinagpapalagay na lámang na kapag itinanghal ang imahen ng politikal na dinastiya, langkay na nito, di lámang ang pagpapanatili sa poder kundi ang lahat na ng benepisyo ng pagkapit-tuko—korupsiyon, pagkakasangkot sa malawakang kriminal na mga akdibidad, manipulasyon ng batas at mga institusyong dapat ay patas at pinapanigan ang maliliit at dehado sa lipunan.

Romanse at melodrama ang *Wildflower* ng paghihiganting nahulma, sa proseso, ng maraming kamulatan, gaya ng mababása sa internal na diyalogong ito ni Lily Cruz/Ivy Aguas, habang nagmamakaawa sa kaniya si Emilia na

patayin na lámang siya, matapos madiskubre ang lahat ng mga pakana ng ama at paslangin ito: "Hindi ko dapat dungisan ng dugo ang kamay ko. Hustisya, hindi paghihiganti, tulad ng turo ni Maam Prianka."


Gaya ng makikita sa mga susunod kong paliwanag, inusbungan si Lily Cruz/Ivy Aguas ng kislap-diwa kahit naroon nang nagmamakaawa ang ulilang lubos na si Emilia. Nagpasya siyang buhayin si Emilia upang pagdusahan ang mga salà sa kamay ng batas na matagal din nitong pinaglaruan at tinangkang ikutan at takasan. Sa kaniyang kalooban, kailangang umiral ang batas, at mapagulong ang hustisya, dahil mawawalan ng saysay ang lahat niyang natutuhan sa kabuuan ng maatikabong sapalaran, lalo sa píling ng mga mahal niya at ng nakasanggang mamamayan ng Ardiente. Dadalawin niya si Emilia sa kulungan sa mga hulíng tagpo upang igiit ang kanilang kaisahan bílang mga anak na nangulila sa pagmamahal at aruga ng magulang, at kababaihang ibig lámang maging matagumpay sa daigdig ng kalalakihan.

Higit na gigitaw ang mga kislap-diwa sa mga paksain ng *Wildflower* sa pagpipihit natin sa ating pagbásang paloob sa ikalawang saray. Gaya ng aking nasabi, tatlong sityo lámang ang tititigan ko sa ngayon, isang paraan ng pagsasaestruktura ng pag-unawa sa totoo namang napakamagalaw at napakahabang teksto ng teleserye. Ito ang mga sumusunod: (1) ang pagtugis sa malapalos na katauhan ni Lily Cruz/Ivy Aguas, na wari'y iniangkas sa padron ng *Pasyon*; (2) ang pasundot-sundot na pagtukoy ng teleserye sa kalagayang panlipunan sa panahon ng pag-eyre nito; at (3) ang politika ng posibilidad ng drama sa pagwawakas. Kung ako ang tatanungin, ang mga ito'y pawang mga paglilinaw hinggil sa kasalukuyan at paglagpas sa hanggahan ng daigdig ng Ardiente at mga Ardiente.

Pinakamahalagang rurok o climax ng kuwento ang muling pagpapakilala ni Lily Cruz sa sarili matapos niyang gamítin ang identidad na Ivy Aguas. Sa bahaging ito ng kuwento, matagumpay siyang nagapi ng mag-amang Ardiente at ipinalibing nang buháy. Ang buong akala ng mag-ama, matapos nang sandali nilang pagkatalo sa politika, nadespatsa na nila ang tinik sa kanilang lalamunan. Ngunit ilahas ang babae, at tulad ng inaasahan, makaliligtas mula sa tuluyang kamatayan.

Mahahango niya ang natitirang lakas habang nauubusan na ng hangin sa loob ng kahoy na kahon na sa kaniya'y ipinangkabaong. Sa pakiramdam na wari'y may butas o lagusan sa kaniyang ulunan, sinuntok niya ang bahaging iyon at nakagapang palabas. Magbabalik siya sa isang ispektakular na paraan, sa mismong piging na inihanda ng mga Ardiente para sa kanilang tagumpay.

Sa gitna ng pananalumpati ni Julio, magdidilim ang lahat at uulan ng mga bulaklak, mga puting lily, na agad na ikasisindak ni Emilia. Sakâ lalabas si Lily Cruz sa isang hagdan, naiilawan at nasasabayan ang bawat lakad ng mga pailaw. Dala-dala niya ang kaniyang mga kampon, na ang iba'y nakarappel pang bumabâ mula sa bubungan, at walang nagawa ang mga tauhan ng mga Ardiente kundi itaas ang kanilang mga kamay sa pagsuko sa higit na makapangyarihang arsenal (Pig. 2).



**Pig. 2 "**Patay na nga si Ivy Aguas, pero si Lily Cruz, buháy na buháy!"
*Larawan ng eksena mula sa ABS-CBN Entertainment.*

Kakampi ang batas, na noo'y handa na ring arestuhin si Julio sa kaniyang pagkakasangkot sa pagpapapatay kay Camia, isiniwalat ni Lily sa madla ang kabuktutan ng patriyarko na batid naman na ng lahat. Sa pagkakataong iyon, matapos nang matagal na pagkukunwang Ivy Aguas, nakabulawang gown si Lily na tinalikdan ang pagdodoble-kara at isinakatawan ang kaniyang katauhan, punô ng kapangyarihan at katapangan na makipagtagisan nang harap-harápan sa mga Ardiente.

Sa paggigiit ni Julio na "Hindi ka totoo, dahil patay ka na, Ivy Aguas," ito ang naging tugon ni Lily Cruz:

> Patay na nga si Ivy Aguas, pero si Lily Cruz, buháy na buháy! Hindi patay si Lily Cruz. Ako si Lily Cruz! Ako ang tunay na Lily Cruz! At kayó namang mga Ardiente, kayó naman ang paglalamayan! At simula ngayong araw na ito, mawawalan na kayó ng kapangyarihan! Pagluksaan man kayó ng iba pero ako, hinding-hindi ko kayó pagluluksaan! Kayâ nga hindi ako nakaitim! 'Coz black is out. Gold is in. Yes, just like gold, I am indestructible.

Matagal nang misteryo kung buháy pa nga ba si Lily Cruz, at talagang nabalot ng matinding paranoia ang mga Ardiente sa kaniyang paglitaw at pagpaparamdam. Nang ganap siyang lumitaw at magpakilala, matinding pinsala na ang naidulot niya sa kanila. Ganap nang nasiraan ng bait si Arnaldo na kahit papaano'y ikinapilay ng pamilya. Ito ay matapos na humindi sa kaniya ang dalaga sa araw mismo ng kanilang kasal, at sa harap ng madla.

Samantala, ganap na tinalikdan ni Diego ang kaniyang pamilya upang manindigan at protektahan si Lily Cruz. Dumating na ang panahon ng paniningil. Kayâ sa mula't mula, ang kuwento ng dalaga ay pasyon, kamatayan, at resureksiyon, isang bagay na umaalingawngaw sa naging maraming bayaning panteleserye noon at ngayon.

Sa aking pagsulat sa kasaysayan ng teleserye, isang bagay na lagi kong iginigiit ang matalik na ugnayan ng anyong ito at ng *Pasyon*, na isa pang popular na teksto ng naunang panahon sa kasaysayan ng Filipinas. Nakasalig ang ganitong pananaw sa nakita kong pagkakahalintulad ng dalawa, bílang, wika nga ni Reynaldo Ileto (1979) sa kaniyang herminal na pag-aaral ng Pasyon, salamin ng kolektibong kamalayan, kung saan nasusuri ang "limits of prevailing social values and relationships" (19) at nagkakaroon ang mga bumabasa/umaawit nito noon ng "language for venting ill feelings" (2004). Ang plataporma sa pagsusuri at pagpapahayag ay naghahandog sa madlang tumatanggap ng pagpapasubaybay sa danas ng pagpapakasakit, kamatayan, at muling pagkabuhay, isang bagay na nagdudulot dito ng radikal na talab. Ganyan din ang mapapanood sa mga danas ng tauhan sa teleserye.

Ano ngayon ang nagpapataginting kay Lily Cruz, kung gayon? Nabanggit ko nang bukod-tangi ang kaniyang karakter sapagkat umusbong na may lunggating maghiganti subalit napamulaklakan di naglaon ng isang panlipunang dimensiyon. Nakaramay niya ang mga kababayang binalikan at natuklasang hindi na nga pinaglilingkuran ng pamahalaan, sinisindak pa upang manahimik. Ang pinakarurok na resureksiyon ni Lily Cruz, gaano man ito kalabis ay pagganap, pagyakap sa tunay niyang kapangyarihan, na kakailanganin niya sa mga hulíng pagtutuos.

Sa panahong kulang ang mga ahente ng pagtibag sa muog ng status quo, dala ng malawakang pagpapatahimik ng estado, lalo laban sa mga tiwaling naghahari-harian, binuhay na muli ni Lily Cruz ang pigura ng isang kontra-puwersang hindi lámang tagapagligtas, tulad ng sa *Pasyon*, kundi matapang na tagapagbunyag ng mga katotohanang pinagtatakpan, lalo ng mga ibig manatili sa poder sa pangmatagalan. Sa isa pang piging niya rin ito tinupad, kung saan, gaya ng lagi niyang ginagawa, umeksena siya upang sirain ang gabi at pagdiriwang.

Sa piging na iyon may concert ang mayamang pilantropo na si Helena Montoya (Zsazsa Padilla), dáting asawa ni Julio at ina ni Emilia. Pagdiriwang ito para sa muling pagtatagpo ng mag-ina, matapos ng matagal na pagkakalayo sa isa't isa. Bago nito, matagal na minatyagan ni Lily Cruz si Helena sa suspetsang sangkot ito sa mga kriminal na gawain, at tiyak na tutulong sa mga Ardiente sakaling magkagipitan.

At tama siya. Si Helena pala talaga ang kinatatakutang si Red Dragon, punò ng organisadong sindikato na may pamumuhunan sa lahat ng uri ng kriminal na gawaing maiisip, kabílang na ang terorismo. Sa mala-Oriental na mundo niyang ginagalawan at tinatanuran ng wari'y mga babaeng ninja na tapat sa kaniya, nakapapamuhay siya nang maalwan, habang awit ang paboritong "La Vie en Rose," na bahagi ng motif ng kaniyang karakter.

Sa pag-eksena, inilantad ni Lily Cruz si Helena at kaniyang mga kasosyong politiko. Gámit ang teknolohiya, pinadalhan ni Lily Cruz ang lahat ng mga dumalo ng isang SMS na may videong naglalaman ng pagbubunyag. Hindi lámang ispektakular ang kaniyang paglitaw; viral pa, na nagtulak sa mga alipores ni Helena na madaliang kompiskahin lahat ng telepono sa loob ng bulwagan.

Subalit hindi lahat ng pag-eksena ni Lily Cruz ay matagumpay. Marami rin sa mga ito ang halos kaniyang ikapahamak, dulot na rin ng kaniyang kapangahasan at masidhing paghahanap sa hustisya. Sa isang pagkakataon, nasukol siya ni Emilia, na noong mga panahong iyon ay nagdadalamhati sa pagpapatiwakal ng anak na si Arnaldo. Sa mithing makaganti sa babaeng nagdulot ng matinding kasawian sa kaniyang anak, lalo na sa pagtanggi nito na ituloy ang kasal sa publiko dahil sa isang natuklasang krimen, pinahirapan ni Emilia si Lily Cruz, sa tulong na rin ng kaniyang ama at goons.




**Pig. 3**. "Mamamatay-tao ako, pinatay ko ang Mayor ninyo."
*Screen Grab ng LionHearTV.com sa larawan sa post sa Facebook ni Kapitana Gina Magtanggol.*

Ang matindi pa, dahil ábot-langit nga ang gálit ni Emilia, kinailangan niya ring gawing ispektakular ang pagpaparusa kay Lily Cruz. Iniharap niya ang babaeng bugbog-sarado at duguan ang mukha sa taumbayan sa plaza sa Poblacion Ardiente, at iginiit na siyang pumatay sa kanilang alkalde. Sa tagpo, guwardiyadong iniharap ni Emilia ang nakagapos na si Lily Cruz na may karatulang "Mamamatay-tao ako, pinatay ko ang Mayor ninyo" (Pig. 3). Pagpapahirap at pamamahiya itong matatakasan din ni Lily Cruz sa bandáng hulí.

Ang katawa-tawa, kuhang-kuha ang mala-pasyon na pagpapahirap kay Lily Cruz sa ilang larawang ipinakalat sa Facebook, na may pabiro pang panawagan sa Commission on Human Rights at kay Pang. Duterte na "paimbestigahan ang Poblacion Ardiente" sapagkat "(h)indi na po makatarungan ang ginawa ng Pamilyang Ardiente kay Lily Cruz." Ang nagpakalat ay isang account na may ngalang "Kapitana Gina Magtanggol," batay naman sa kontrabidang karakter ni Mitch Valdez sa teleseryeng *FPJ's Ang Probinsyano* (pig. 4). Sa isa pang screen grab sa post sa Facebook, na may 1,600 komentaryo at 8,100 shares sa ulat ng *LionhearTV.net* noong 2018, makikita pang binibigwasan ng sampal ni Julio ang dalaga (Baltan).




**Pig. 4.** Screen Grab ng "panawagan"saFacebook ni Kapitana Gina Magtanggol. *Mula sa ulat ng LionHearTV.com.*

Nakapupukaw ang larawang kumalat sa social media mula sa tagpo. Animo'y may sundot ito sa mga nangyayari noong may kinalaman sa mga karatulang isinasabit din sa mga tumitimbuwang na lámang na mga tao sa gabi [halimbawa, "Huwag tularan, adik ako"]. Dahil ito sa digmaan laban sa droga ni

Pang. Duterte, na higit na kilala sa tawag na Oplan Tokhang, mula sa Cebuanong "tuktok" o pagkatok at "hangyo" o pakiusap.

Gaya ng ating alam, sa programa, literal na kumakatok ang mga pulis sa kanilang pagbabahay-bahay sa mga hinihinalang gumagamit o sangkot sa droga at pinakikiusapan silang tumigil o sumuko na sa mga kinauukulan. Pamilyar sa mga tao ang gayong larawang mapansakdal, lalo pa't gayon ang palagiang iniuulat sa balita hinggil sa kampanya laban sa droga noong mga panahong iyon. Iniulat ni Delizo (2019) na humigit 6,000 na ang napaslang sa ilalim ng kampanyang ito.

Higit pang titimo ang pangangaratula kung isasaalang-alang ang isa pang espesipikong panawagan sa Facebook ng post: ang ipadala ng pamahalaan sa lalong madaling panahon ang kontrobersiyal na si Police Lieutenant Colonel Jovie Espenido sa Ardiente upang supilin ang kasamaan ng pamilya Ardiente.

Sa isa pang post ni Kapitana Gina Magtanggol, makikita ang larawan ng mag-amang Emilia at Julio na pababa sa munisipyo (Pig. 5). Dito, binilugan ang larawan ni Julio at minarkahang "OLIGARCH," o yaong mga kahanay ng iilang pamilyang mayhawak sa negosyo at kapangyarihan sa bansa. Pagunita rin ito sa pangako ni Pang. Duterte na sisikilin ang mga oligarko na lubhang nagpapahirap sa nakararami, sa ngalan ng patuloy na pagkakamal ng yaman at poder.




**Pig. 5.** Screen Grab ng isang pang "panawagan"sa Facebook ni Kapitana Gina Magtanggol. *Mula sa ulat ng LionHearTV.com.*

Sa ibaba ng larawang nabanggit, may tatlo pang tanghal na larawan ang post—ang mga napatay na alkaldeng Rolando Espinosa, Sr. ng Albuera, Leyte; at Reynaldo Parojinog ng Ozamis City, Misamis Occidental. May ekis ang kanilang mukha, sapagkat napatumba na dahil sa hinalang may kinalaman sa kalakalan ng ipinagbabawal na droga sa kanilang mga lokalidad. Samantala, sa gitna nila, si Espenido, ang itinuturing na tugon sa mga salot, at pinaniniwalaang dahilan ng pagkakapatumba ng dalawang at lubos na pinagkakatiwalaang ng pangulo.

Masasabing matapang ang pagsasabit na iyon ng karatulang pamilyar sa leeg ni Lily Cruz, na adiksiyon ng mga tao noon tuwing hápon. Sa kamay ng ganid at makapangyarihang mga Ardiente, nagkakaroon ito ng talab na nagpapagunita sa kinatatakutang kalabisan ng pulisya sa pagtupad sa mithi ng pangulo na masugpo ang droga, siyang kaniyang ipinangako noong halalang 2016.

Sa kabilâng bandá, nagiging masagisag na larawan naman ang pagpapakasakit ni Lily Cruz, na sa harap ng madla'y napapahinuhod, tinatanggap ang kaniyang sákit, marahil sa pananalig na makababangon naman siyang muli, kahit pa harangan ng "oligarkong" tulad ng mga Ardiente na totoo namang halang ang bituka.

Sa pagkakataong iyon, di na lámang inilalapat ang realidad sa katha kundi iniuugnay na rin sa isa't isa. Burado ang pagi-pagitan sapagkat ang realidad ng katha ay realidad na rin ng totoong búhay. O maaari pa ngang sabihin: ang realidad ng katha sa *Wildflower* ay ang realidad sa labas ng telebisyon, na muli lámang ibinabalangkas sa anyo ng isang teleserye.

Malinaw ang pagiging kasangkapan ng anyo dito sa pagpapalawig ng diskursong politikal at panlipunan, isang bagay na kung hindi labis-labis ang pagkalulong ng mga tao sa panonood at pag-aaliw ay kanilang katatagpuan ng sari-saring panlipunan at politikal na paliwanagan.

Sa isang bandá, madali ring tanggaping paggigiit lámang ng polisiya ng estado ang pananawagan kay Pang. Duterte at paghiling na ipadala si Espenido sa kathambayan ng teleserye. Ngunit nagkakaroon ito ng bisàng maparikala kung tutunghayan ang mapang-uyam na mga hashtag ng post: #EspenidoTokhangArdiente, #ArdienteNoMore, #ArdienteMassacre, #JusticeForLilyCruz at #MochaWhereAreYou. Ang hulí'y pasaring pa sa isa sa pinakamaiingay na social media influencer ng adminstrasyon, na kamakailan ay unti-unti nang nababaon sa límot dahil na rin kinaumayan na ng marami.

Marahil, ang katangiang mapagsundot sa kalagayan o pangyayaring panlipunan din ang nagpatalab sa *Wildflower* bílang isang tekstong madaling

i-meme sa social media at ilapat sa pang-araw-araw na búhay. Maaari, dahil may datíng talaga ito *sa tunay na búhay*, sa gayong paraan na may datíng ito na *kapara ng tunay na búhay*. Halimbawa, may mga meme ito na gumagamit ng mga eksena o larawan ng karakter tungkol sa pagpapapayat, sa pag-ibig, kahit sa pagtataas ng suweldo ng mga guro, K-12, at pagbabawal sa unli-rice sa mga fast food chain na inihaying lehislasyon sa Senado.

Sa pagsundot-sundot, makikita naitatanghal ang kontemporanidad ng palabas, ang pagiging naaangkop nito sa panahon ng pag-eyre. Ang mga reiteasyon nito'y nagpapatunay hindi lámang sa pagkangangayunin nito, kundi pati na rin sa singkronisidad ng mga elemento ng teksto habang iniuugnay ng mga manonood sa kanilang ginagalawang daigdig, sa kanilang paglikha ng mga panibagong teksto, na tulad nga ng ating itinala ay mga pahayag hinggil sa mga nagbabagang isyung personal at panlipunan. Sa hulí, wari bang sa pamamagitan ng teleserye, nagkakaroon ang madla ng mabisang balangkas upang unawain ang kanilang búhay.

Samantalang gayon nga, higit naman nagiging mabisa ang serye bílang isang pagsalamin, at mistulang pagpapamalay hinggil sa kalagayang panlipunan at politikal. Ang pagtatanghal kay Lily Cruz bílang walang-lában ay isang testamento ng naghihintay na malupit na ganti mula sa mga api, na kung mamarapatin ay isang babala rin sa tiraniya at naghaharing-uri. Panahon lámang talaga ang makapagsasabi. Matitirang hulíng nakatindig ang babae, at iyon ay tiniyak ni Lily Cruz sa kaniyang malapalos na paghulagpos sa eksenang ating binása.

Sa isa pang bandá, masasabing pantasyang politikal sa paghahari ng mga Duterte at kanilang mga alipores, ang katapusan ng *Wildflower.* Magtutuos na muli ang kampo ng mga Ardiente at ni Lily Cruz, katuwang si Diego na kaniyang tunay na minamahal at tunay na tagapagtanggol. Ikakasal sila sa simpleng seremonya, nakaputi at kontrapunto sa ginawa ni Lily Cruz na pag-iitim na gown sa naunsiyaming kasal nila ni Arnaldo. Sa isang halalan matapos ang kasal, magwawagi si Diego bílang gobernador ng Ardiente, sa tulong na rin ng taumbayang unti-unting naliwanagan sa kanilang pagkakatanikala habang nása poder ang dinastiyang Ardiente. Kampanya ni Diego ang "Bagong Ardiente" at ito nga ang makikita sa mga streamer at banner ng kaniyang mga tagasuporta.

Ngunit isa palá itong saglit na tagumpay, isang kasiyahang agad ding lilipas. Ni hindi makauupo ang sinasabi sa mga banner na "Diego, ang tunay na Gobernador ng Ardiente." Habang nagdiriwang ang lahat sa plaza kung saan

inihahayag ang tagumpay ni Diego, at ang wari'y papasimulang bagong kabanata sa búhay ng mga taga-Ardiente, nakaumang sa kung saan ang nguso ng armalite ni Julio.Nag-aabang ito sa pagkakataong kitlin ang búhay ng apóng tinalikuran siya at kinalaban pa sa politika. At matagumpay itong nagawa ni Julio. Nang mabaril si Diego, at lumikha ng isang madugong pandemonium, agad siyang tumalilis. Sa isang katawa-tawa at mapagmalabis na paraan, naitanghal ang taumbayan na gitla sa trahedya at biglang nalambungan ng dalamhati. May iyakan, may sigawan, lahat, muling sakmal ng kalituhan at sindak.

Importante ang karaketrisasyon ni Diego sa tagpong ito, maging ang kay Lily Cruz. Nakaputing polo-barong na maikli ang manggas si Diego, pinagmukhang bagong dugo, habang may pin pa sa kuwelyo ng bandila ng Filipinas. Nakaputi rin si Lily Cruz, na tanda ng birtud ng kanilang panig. Mababahiran ng dugo ang kaputiang iyon ni Diego sa pagtama ng dalawang bala sa kaniyang dibdib. At mabubuwal siya sa entablado, napaliligiran ng mga maybaril na bodyguard at close-in security na walang nagawa kundi itutok ang mga baril sa kung saan-saan hinihinalang nagmula ang bala. Mawawasak ang daigdig ni Lily Cruz sa pagtunghay sa duguang katawan ng minamahal. Mapalulupasay siyang hihimukin ang mga kasáma na itakbo sa ospital si Diego.

Dramatiko ang tagpo na paminsan-minsan ay pinatitingkad pa ng kuha ng drone camera. Ibinabâ ng taumbayan ang duguang katawan ni Diego, malabayani, mala-Kristo, patungo sa isang dyip na magdadala sa bagong gobernador sana sa ospital. Pinasan nila ito hanggang sa maisakay sa dyip. Prominente sa frame ang kamay at braso ng taumbayang ibig iligtas ang kanilang pigura ng kabaguhan at pag-asa. Itinanghal nila ang kaniyang katawan na parang nagpapahinuhod din, halos nakabayubay ang mga braso, isang martir na kailangang makita ng lahat ang kinahinatnan. Dahil madugo, sinadya ng palabas na itanghal ang pagbababa sa katawan ni Diego sa black and white (Pig. 5). Nagmistula tuloy itong larawan ng asesinato noong 1983 ni Sen. Benigno "Ninoy" Aquino, habang ihinaharap naman sa manonood si Lily Cruz bílang katuwang ng martir na siyang magiging kahalili ng pinaslang, sa mga plano at adhikain para sa bayan.

Sa lagay ng politika noong mga panahong iyon, wari bang nagtataguyod ng isang politika ng posibilidad ang teleserye. Sa tagpong ating tinatalakay, lumagpas na sa personal na vendetta ang drama at umakyat sa isang panlipunan, at maaari pa, pambansang nibel, kung saan sangkot na ang mga tao, at tao na ang maniningil, pero siyempre, sa taguyod at sagisag ng magkatuwang na Diego at Lily Cruz.



**Pig. 6.** Ang ganap (event) ng asesinato kay Diego ay alingawngaw ng asesinato ni Ninoy Aquino. *Larawan ng eksena mula sa ABS-CBNNews.com.*

Ang ganap (event) ng asesinato kay Diego ay alingawngaw ng makasaysayang asesinato, at marahil kinailangang ipagunita muli iyon upang ipamalay sa mamamayan ang kataka-takang (uncanny) pagkakahalintulad ng mga pangyayari at dispensasyon noong panahon ng diktadura, at ng kasalukuyang rehimen.

Sa politika ng posibilidad ng *Wildflower*, biláng na ang oras ng paghahari't pananaig nina Julio at Emilia, ang magkatuwang-mag-amang sagisag ng kasakiman at pagkaganid sa kapangyarihan. Maaari silang basahin bílang melodramatikong palahambingan ng nakaupong pangulo at ng kaniyang anak na si Inday Sara Duterte-Carpio, kasalukuyang alkalde ng Davao City. Sa ngayon, masasabing mahusay na political operator si Duterte-Carpio, at ang pinakarurok niyon ay angpagkakapatalsik niya kay House Speaker Pantaleon Alvareznoong ikalawang State of the Nation Address ng kaniyang ama noong 2018.[4]

Subalit iginigiit ito ng banghay ng *Wildflower,* marahil dahil hindi lámang naman ang mag-amang pangulo at alkalde ang ibig nilang tukuyin. Sa mas malakihang pagsipat, maaaring tinutukoy din ang abstrakto nilang isinasagisag, ang lahat ng kalabisan ng mga nása poder, na sinasabing may katapusan, gaya ng lahat sa búhay.

At malinaw ang mensahe ng teleserye sa bahaging ito. Si Lily Cruz ang tatapos sa sinimulan ng mga Ardiente. Si Lily Cruz, na naghunos nang naghunos

4 Walang ginawang pag-aming ang babaeng Duterte hinggil sa pangyayaring ito, ngunit ang ama niya mismo ang nagsabing anak niya ang maygawa ng kontrobersiyal na pagpapatalsik kay Alvarez, na nag-upo kay Representative at dáting Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo bílang ispiker. Basahin ang Ranada, Pia, "Duterte says Sara 'maneuvered' Alvarez ouster," Rappler.com, Oktubre 18, 2018, https://www.rappler.com/nation/214630-duterte-says-sara-maneuvered-alvarez-ouster.

sa palabas, upang sa hulí'y naging balo ng bayani na nakatakdang magpukol ng bato at magpatumba sa isang Goliath, sa Goliath ng bayang Ardiente.

Sa palahambingang ito ng teleserye, kung si Diego ay si Ninoy, si Lily Cruz kung gayon ay si Cory Aquino, na lagpas na sa personal na paghihiganti ang lunggati, sapagkat tumaya na para sa bayan, para sa inaasam na Bagong Ardiente. Nagkakabisa rito ang tagpuang may windmills, kung gayon, sapagkat wari'y ipinagugunita ang Ilocos Norte, ang bayan ng mga Marcos, na unang nagtindig ng mga ito sa bansa sa pagnanais na pumihit patungo sa higit na sustainable na wind energy.Ito nga'y sa kabila nang kinukunan ang palabas sa Tanay, Rizal.

Ngunit sa patuloy na pagsunod natin sa melodramatikong palahambingang ating inilatag, maaari ring si Lily Cruz ay si Pangalawang Pang. Leni Robredo, na balo ring tulad ni Cory, nang bumagsak ang sinasakyang eroplano ng kaniyang asawang si Jesse Robredo, sa karagatan ng Masbate noong 2012. Ang pumanaw na Robredo, na umupo bílang kalihim ng Department of Interior and Local Government sa panahon ni Pang. Benigno Simeon Aquino, ay minsang itinuring na presidentiable dahil sa kaniyang mahusay na track record sa pamamahala.

Kung si Lily Cruz ay si Leni Robredo rin, lumalapat ang palahambingan lalo pa't kung isasaalang-alang ang adbersaryong tingin sa kaniya ng pamahalaang Duterte, na higit namang kinikilingan ang tinalo niya ng 200,000 boto na si dáting Sen. Ferdinand "Bongbong" Marcos.[5]

Matagumpay na magagapi ni Lily Cruz ang mga Ardiente. Tuso siyang nakipagsabwatan sa mga kasosyo nilang sindikato upang, wika nga, wasakin ang dinastiya sa kaloob-looban nito. Batid ni Lily Cruz ang kasamaan ni Julio, at matagumpay niya itong naipamalay kay Emilia, na gaya nga ng naikuwento ko na, na siya mismong pumaslang sa sariling ama.

Pinatay ni Emilia ang kaniyang ama sapagkat nasumpungan ni Emilia ang katotohanang walang pagmamahal sa kaniya ang ama, at ginamit lámang siya sa maruruming plano. Poetikong hustisya ito para kay Lily Cruz, na gaya nga ng nabanggit, at hanggang sa hulí, hindi nabahiran ng dugo ang kamay. Nakamit niya ang hustisyang matagal ding hindi gumulong sa kaniyang búhay.

---

5 Ang pagkiling ni Duterte ay lumitaw, hindi lámang sa nagpapatúloy na pagsasantabi kay Robredo sa pamahalaan, kundi lalo na sa makailang-ulit niyang pagsasabing mas maigi sanang naging bise-presidente nina Bongbong Marcos. Basahin halimbawa ang ulat na "Is Rodrigo Duterte paving the way for 'Bongbong' Marcos to succeed him as Philippine president?," South China Morning Post.com, Agosto 16, 2018, https://www.scmp.com/news/asia/southeast-asia/article/2160007/rodrigo-duterte-paving-way-bongbong-marcos-succeed-him.

At hindi pa nasiyahan ang palabas sa pagpapataw ng parusa kay Julio. Nabuhay pa siya ngunit ipinuslit ang katawan. Magigising siya sa isang silid ng nag-aapoy na pula at makikilala ang protégé ni Helena na si Venus (Karylle Tatlonghari). Inihiga siya nito at ng kaniyang kampon sa isang stretcher, nakasando lámang at pantalong pinananatili ng suspenders. Nakasuwero si Julio at pumapatak sa tubo ang pulang likido. Kataka-taka (uncanny) ang pagkakahawig ni Venus kay Helena, na lalong nagpasindak kay Julio [tandaang mag-ina sina Tatlonghari at Padilla sa totoong búhay]. Magpapakilala si Venus na dáting alaga ni Red Dragon, at siya na ngayong bagong Red Dragon. Ipinuslit ni Venus si Julio upang gantihan at gawing masakit at matagal ang kamatayan. May implikasyong tinortyur niya muna ito sa pamamagitan ng pagtitistis at pagpaso.

Sa kabilâng bandá, hindi lámang nagtapos sa pagkakamit ng hustisya ang lahat sapagkat nagpatúloy si Lily Cruz na naglilingkod sa kaniyang mga kababayan. Sa mga hulíng tagpo ng palabas, ilalahad ang unti-unti niyang pag-akyat sa hagdan ng kapangyarihan. Naupo siyang gobernador ng Ardiente, at di maglalaon, magiging senador, marahil dahil sa kaniyang husay sa pamamahala. Siyempre, bahagi ng pantasya ang kabaguhan niyang dala, at mararating niya rin di maglalaon ang Malacañang sa pagkakahalal na pangulo.

Sa politika ng posibilidad ng teleserye, isang pagdadalisay ang pinagdaanan ni Lily Cruz sapagkat nakatakda pala siya para sa mas malalaking bagay. Malayong-malayo na ang narating ni Lily Cruz, mula sa panimulang pagkakalugmok patungo sa isang tadhanang tagumpay—ngunit matapos ng laksang sapalaran at paghihirap, sa ngalan ng katarungan. Sa hulí, halimbawa, kinailangan niyang maging mag-isa at mawalan ng katuwang, at marahil, iyon ang kaniyang ultimang sakripisyo bílang karakter na may tadhanang kailangang matupad.

At talagang nag-iisa siya, ang damong ligaw, ang hulíng babaeng nakatindig, ang dilag na pumasan ng krus, sapagkat kahit sangkot na ang madla, nananatili ang kuwento bílang kaniya. Dinalisay siya ng kaniyang danas, hinalughog ang kaniyang kaloob-looban, hindi lámang upang maging handa sa kaniyang gampanin, kundi upang papagbaguhin ng kislap-diwa na kaniyang nahango sa búhay ng madudugo't masasalimuot na pakikihamok.



**Pig. 7.** "She's a free and gentle flower growing wild."
*Larawan ng mga hulíng eksena ng Wildflower mula sa Pep.ph.*

At may kabatiran siya hinggil dito, kung isasaalang-alang ang mga hulíng tagpo ng serye. Muli'y nagdrive siya patungo sa may arko ng Poblacion Ardiente kung saan matatanaw din ang windmills ng bayan (Pig. 6). Násа tugatog na siya ng kapangyarihan, gaya ng ipinahihiwatig ng nakascore na theme song sa kaniyang internal na monologo, ang "Wildflower" na orihinal ng bándang Skylark noong 1972, sa cover ni Arnel Pineda, at may linyang lapat na lapat din para kay Lily Cruz: "She's a free and gentle flower growing wild." Sa kaniyang pagtanaw sa bungad ng bayang kaniyang binalikan upang mapabagsak ang mga Ardiente, at sa windmills na patuloy sa pag-ikot, tulad ng kaniyang búhay, sambit niya ang mga sumusunod:

> Hindi ko masasabing walang bahid ang aking pagkatao. Ang kagustuhan kong maghiganti ang nagdala sa akin sa pinakamadilim na sulok ng aking kaluluwa. Pero ang pag-ibig sa puso ko ang umahon sa akin upang labánan ang sarili kong kadiliman. Hindi lámang para sa sarili, kundi para sa isang buong bayan. At sa hulí, hindi paghihiganti kundi hustisya. Hindi lámang basta pagpapatawad kundi katarungan. Pero higit sa lahat, pagpapatawad sa sarili. Dahil hangga't hindi natin napapatawad ang mga sarili natin, hindi táyo magiging malaya para yakapin ang pinakamaliwanag na búkas.

## Konklusyon

Ang totoo'y marami pang suson ang maaaring maihayin sa ating pagbásang paloob sa *Wildflower*. Maaaring tumutok pa halimbawa, sa mismong karakter ni Lily Cruz/Ivy Aguas, bílang halimbawa, pagsasanib ng mga imaheng nagdurusang babae, bestiyaryo, at rebolusyonaryo, sang-ayon sa pormulasyon ni Benilda Santos (sa Reyes 1991, 209-224) hinggil sa pelikula. Kinatawan naman lahat ni Lily Cruz/Ivy Aguas ang mga nabanggit papel, batay sa ating naging kritikal na pagsasalaysay. Inapi siya, pinagnasahan ng mga pangunahing lalaking nakapaligid sa kaniya, at pinagmulan ng radikal na pambayan at pambansang pagbabago. Bagaman isinulat ni Santos ang papel gámit ang mga pelikula mula sa dekada 70 o 80, hindi maitatatwang buháy pa rin sa ating kontemporaneong panahon ang mga representasyong nabanggit sa ating mga kulturang iskrin gaya ng sa telebisyon.

Maaari ring idawit ang kasalukuyang posisyon ng ABS-CBN, ang network ng *Wildflower*, na patuloy na binabantaan ng Pang. Duterte na haharangan ang renewal ng 25-taóng prangkisa sa kongreso. May tákot ang mga mahigit 11,000 kawani nito sapagkat palagiang banta ang pagpapasara sa estasyon. Nakatakdang mapasó ang prangkisa sa katapusan ng Marso 2020. Walang katiyakan sa mga mangyayari. Lumalaging multo sa ABS-CBN ang sinasabing di nito pagpapalabas sa advertisements ng pangulo noong tumatakbo pa ito.[6]

Kung tama ang ating melodramatikong palahambingan, hindi kayâ pasaring din ang *Wildflower* kay Pang. Duterte, at binabantaan din siya ng ABS-CBN na bakâ maulit ang kasaysayan sakaling maipasarang ganap ang network? Tandaang naipasara ang kompanya sa panahon ni Marcos noong 1972, at pagdating ng tamang panahon, nakabalik ang ginaping pamilya Lopez, ang nagmamay-ari, noong 1986, sa pagkakapatalsik sa diktadura. Mayroong kasaysayan ng pagbangon ang ABS-CBN. Hindi kayâ sinasabing bakâ maging palad ng kasalukuyang pangulo ang naging palad nina Julio Ardiente at Marcos? Tanging panahon lámang ang makapagsasabi.

Sa hulí, lahat ng pagbásang ito ay naging posible sapagkat may diin nating ipinagpalagay ang isang mahalagang katangian ng teleserye, ang kontemporanidad. Isang anyo ng kontemporaneong panahon ang teleserye, sa gayong paraan na anumang nagaganap, nabubuhay, o umiiral sa kasalukuyan ay

6 Hinggil dito, iminumungkahing basahin ang Abad, Michelle, "TIMELINE: Duterte against ABS-CBN's franchise renewal," Rappler.com, Enero 17, 2010, https://www.rappler.com/newsbreak /iq/249550-timeline-duterte-against-abs-cbn-franchise-renewal.

siya ring nagaganap, nabubuhay, o umiiral sa kasalukuyan ng kathang-daigdig ng teleserye, anumang moda ang inihaharap sa atin.

Sa ating pagbásang paloob, higit nating nalilikhaan ng saysay ang pamilyar at madalas na lámang na daan-daanang teksto ng isang teleserye. At nagkakaroon táyo ng bagong pamilyaridad dito bílang isang tekstong maaaring makapagsalamin sa kasalukuyang dispensasyon, at makapagpalinaw hinggil sa mga kalakarang bakâ hindi rin napapansin o hindi na nga pinagtatapunan ng baling dahil nakakasanayan na rin namang huwag nang pansinin.

Maaaring naipakikilala rin sa ating muli ang kakayahang tumutol (resist) at mag-aklas laban sa mga namamayaning diskurso ng kapangyarihan tulad ng "guns, goons, and gold" na ating binanggit at nagdudulot ng lalong kaapihan at karahasan sa lipunan; ng paghahari ng mga dinastiya sa politika at mga oligarko sa ekonomiya; ng pananatili ng heograpikong imperyalismo ng Maynila at pagkakasalaylayan ng probinsiya.

Sa hulí, pagpapalawig din ito sa mga naunang pakana sa kritikal na telebiswalidad, tulad ng tinupad ni Antonio Contreras (2008) nang basahin niya ang kabuuang fantaseryeng *Encatadia* bílang "parallel script upon which to locate the problematic nature of GMA's [Pang. Gloria Macapagal-Arroyo] presidency" (1).

Sa hulí, kung hanap natin ang politik ng panitik, maiging huwag lumayo sa mga paborito't inaabangang teleserye dahil marami talagang sinasabi ang mga ito. Maraming mga *pagbása*, kung baga. Ang kailangan lámang ay mas matamang tugon, panonood, sa araw-araw o gabi-gabing palabas na tunay namang teksto rin ng ating araw-araw.

## Mga Sanggunian

Abad, Michelle. "TIMELINE: Duterte against ABS-CBN's franchise renewal." *Rappler.com,* Enero 17, 2010, https://www.rappler.com/newsbreak/iq/249550-timeline-duterte-against-abs-cbn-franchise-renewal.

Allen, Robert. *Speaking of Soap Operas*. Chapel Hill, The University of North Carolina Press, 1985.

Anarcon, James Patrick. "How did Wildflower finale fare in AGB ratings?" *Pep.ph,* Pebrero 12, 2018, https://www.pep.ph/guide/tv/27496/how-did-emwildflowerem-finale-fare-in-agb-ratings.

Baltan, Angela, "Netizen seeks justice from Pres. Rodrigo Duterte for "Wildflower's" Lily Cruz." *LionhearTV.net,* Pebrero 1, 2018, https://www.lionheartv.net/2018/02/rodrigo-duterte-wildflower/.

Bueza, Michael at Glenda Marie Castro, "MAP: Major political families in PH after the 2019 elections," *Rappler.com*, Agosto 30, 2019, https://www.rappler.com/newsbreak/in-depth/238673-map-major-political-families-philippines-after-elections-2019.

Burke, Kenneth. *The Philosophy of Literary Form: Studies in Symbolic Action.* New York: Vintage Books, 1957.

Contreras, Antonio. "Female Warriors in GMA TV Fantasy Programs vis-à-vis the Fantasy Wars of GMA the President: Reflections on Simulated Women Engaged in Simulated Violence." *Ideya* bol. 9, blg. 2, 2008, pp. 1-12.

De Cartagena, Angelo Ramirez. "She's All That." *Mega*, December 2017, pp. 130-142.

Delizo, Michael Joe. "Over 6,000 killed in nearly 3 years of PH drug war: PNP." *ABS-CBNNews.com,* Hunyo 18, 2019, https://news.abs-cbn.com/news/06/18/19/over-6000-killed-in-nearly-3-years-of-ph-drug-war-pnp.

"Is Rodrigo Duterte paving the way for 'Bongbong' Marcos to succeed him as Philippine president?" *South China Morning Post.com*, Agosto 16, 2018, https://www.scmp.com/news/asia/southeast-asia/article/2160007/rodrigo-duterte-paving-way-bongbong-marcos-succeed-him.

Jung, Carl Gustav. Tagasipi at ed, Aniela Jaffee. Tagasalin, Richard at Clara Wilson.*Memories, Dreams, Reflections.* New York: Vintage Books, 1989.

Lagsa, Bobby. "Minority president expected after elections–Recto." *Rappler.com*, Abril 17, 2016, https://www.rappler.com/nation/politics/elections/2016/129766-minority-president-expected-elections-recto.

Reyes, Soledad. *Nobelang Tagalog 1905-1975, Tradisyon at Modernismo*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1982.

______, ed. *Reading Popular Culture.* Lungsod Quezon: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1991 at 2002.

Tolentino, Rolando. *New Media at mga Sanaysay sa Platitude ng Bagong Objek ng Media sa Filipinas.* Lungsod ng Maynila: University of Santo Tomas Publishing House, 2016.

Veraflor, Nheru. "INTERACTIVE TIMELINE: The #Duterteserye." *Sunstar.com.ph*, Hunyo 24, 2016, https://www.sunstar.com.ph/article/45305.

“VP Camp hits resumption of ‘Binay Teleserye.’” *ABS-CBNNews.com,* Pebrero 18, 2015, https://news.abs-cbn.com/nation/02/18/15/vp-camp-hits-resumption-binay-teleserye-senate.

“’Wildflower’ breaks own ratings record yet again,” *ABS-CBNNews.com*, Oktubre 12, 2017, https://news.abs-cbn.com/entertainment/10/12/17/wildflower-breaks-own-ratings-record-yet-again.

Wittebols, James. *The Soap Opera Paradigm: Television Programming and Corporate Priorities.* Lanham: Rowman and Littlefields Publishers, 2004.